# B A B A L A

May mga reklamo pong ipinaabot sa Konsulado Heneral ng Pilipinas sa Milan tungkol sa mga taong nangangakong matulungang makakuha ng visa papuntang Italya, makapagtrabaho, o makapanatili rito ang mga kamag-anak o kaibigan mula sa Pilipinas, kapalit ang malaking halaga.

Ang modus na ginagamit ay ang mga sumusunod:

1. Pag-aapply ng tourist visa sa Embahada ng Netherlands sa Pilipinas na syang gagamitin upang makatawid sa Italya.

2. Pag-aayos ng papeles gamit ang Dekreto Flusi 2019.

3. Pag-aayos ng aplikasyon para sa asilo (asylum/refugee status) sa Italya

Tandaan po na:

- Ang tama at legal na paraan upang makapunta sa Italya o sa ibang bansa upang makapagtrabaho ay kailangang dumaan sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA) sa pamamagitan ng mga accredited recruitment agencies. Kahit na may Dekreto Flussi 2019, dapat pa ring dumaan sa POEA ang aplikasyon para makapagtrabaho sa Italya.

- Wala pong ipinalalabas na Sanatoria ang Italya.

- Ang aplikasyon para sa asilo (asylum/refugee status) ay para lamang po sa mga lumilikas mula sa kanilang bansa dahil sa gera o karahasan o humihingi ng proteksyon dahil sa malaking pangamba dala ng kanilang paniniwalang pulitikal, pananampalataya, lahi o kinabibilangang grupo.

27 May 2019, Milan